



GABAY PARA SA PROGRAMANG HALAGANG PARTISIPASYON NG PAMILYA (FAMILY COST PARTICIPATION PROGRAM)

Ang Kódigo ng Kapakanan at Institusyon Seksiyon 4783 ay nagpatupad sa Programang Halagang Partisipasyon ng Pamilya (Family Cost Participation Program, FCPP) sa Enero 1, 2005. Kinakailangan ng batas na ito na ilang mga pamilya ay magbayad ng bahagi ng mga serbisyong Palugit (Respite), Deyker at Kamping. Walang ibang mga serbisyo ang naaapektuhan.

Ang mga pamilyang makakatugon sa mga sumusunod na kondisyon ay sinuri para sa paglahok ng FCPP:

- Ang anak ay may kapansanan kaugnay sa paglaki o ay karapat-dapat para sa mga serbisyo sa ilalim ng Akto ng Maagang Pamamagitan na mga Serbisyo ng California (California Early Intervention Services Act);
- Mga anak ay nasa edad 0 hanggang 17 taong gulang.
- Mga anak ay naninirahan sa bahay.
- Mga anak ay hindi pasado sa Medi-Cal; at
- Ang pampamilyang kita ay nasa o sa ibabaw ng 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan na mga Tagubilin (Federal Poverty Level Guidelines) ayon sa laki ng pamilya.

Ang bahagi ng halaga para sa mga serbisyong ito ay tinatawag na “halagang partisipasyon ng pamilya (family cost participation)” (FCP). Ang Rehiyonal na Sentro (Regional Center) ay magbabayad sa bahagi nitong pangkalahatang halaga ng serbisyo sa tagapag-laang serbisyo at ang pamilya ay magbabayad sa kanilang bayarin ng FCP deretso sa tagapag-laang serbisyo. Ang tagapag-laang serbisyong Palugit, Deyker o Kamping ay hindi maaaring magsingil sa pamilya ng halaga para sa serbisyo na higit pa sa binabayaran ng Rehiyonal na Sentro.

Ang Rehiyonal na Sentro sa iyong lugar ay magbibigay ng mga kasagutan sa mga katanungan tungkol sa kung tiyak papaano ka naaapektuhan ng batas at tutulungan kang mag-kwenta sa bayarin ng halagang partisipasyon ng pamilya.

Kung may higit sa isang menor-de-edad na bata ang naninirahan sa bahay ng mga magulang, o sa isang 24-oras labas-ng-bahay na paninirahan, na hindi pasado sa Medi-Cal, at tumatanggap ng mga serbisyo at tulong na bayad ng Rehiyonal na Sentro, ang bayarin ng halagang partisipasyon ng pamilya ay ini-ayon alinsunod:

- Para sa dalawang anak na may edad 0 hanggang 17, ang bayarin ay mababawasan ng **25 porsiyento para sa bawat bata na nakatira sa bahay** para sa mga serbisyong Palugit, Deyker at Kamping.

- Para sa tatlong anak na may edad 0 hanggang 17, ang bayarin ay mababawasan ng **50 porsiyento para sa bawat bata na nakatira sa bahay** para sa mga serbisyong Palugit, Deyker at Kamping.
- Para sa apat na anak na may edad 0 hanggang 17, ang bayarin ay mababawasan ng **75 porsiyento para sa bawat anak na nakatira sa bahay** para sa mga serbisyong Palugit, Deyker, at Kamping.
- Para sa higit sa apat na anak na may edad 0 hanggang 17, ang pamilya ay **hindi kakailanganing lumahok sa programa**.

Ano Ang Aasahan Mula Sa Iyong Rehiyonal na Sentro

Ang iyong Rehiyonal na Sentro ay:

- Ipaalam sa iyo kung ikaw ay karapat-dapat ayon sa mga tagubilin ng FCPP.
- Ipaalam sa iyo ang mga bayaring dapat mong bayaran sang-ayon sa talaang naka-lakip.
- Hihilingin kang magbigay ng katunayan ng iyong kabuuang taunang kinikita sa loob ng sampung (10) araw na may-gawa mula sa petsa na iyong i-lagda ang iyong anak para tumanggap sa serbisyo.
- Ipaalam sa iyo ang bayarin ng halagang partisipasyon ng pamilya sa loob ng sampung (10) araw na may-gawa mula sa pagkakatanggap ng iyong mga natapos na papeles.

Mga Dapat Gawin ng mga Magulang:

1) Kakailanganin mong mapatunayan ang iyong kabuuang taunang kinikita para sa Rehiyonal na Sentro. Itong katunayan ng kinikita ay maaaring maglaman ng:

- Mga kopya ng iyong W-2 Pahayag ng Kumikita ng Sahod (Wage Earners Statement), o
- Ang mga tala ng iyong sahod, o
- Kopya ng Estadong sinauling buwis ng kinikita sa nakaraang taon, o ibang mga papeles, at
- Katunayan ng lahat ng iyong ibang pinagkakakitaan.

Kailangan mabigay mo ang impormasyong ito sa Rehiyonal na Sentro sa loob ng sampung (10) araw na may-gawa mula sa petsa kung saan ikaw ay lumagda sa natapos na IPP o IFSP. **Kung hindi mo mabigay itong impormasyon ng kinikita sa Rehiyonal na Sentro, ikaw ay maaaring makapagbayad sa pinakamalaking bahagi ng bayarin (100%) para sa halaga ng (mga) serbisyo.**

2) Kakailanganin mo rin na:

- Ipagbigay-alam sa Rehiyonal na Sentro kapag nagbabago ang inyong pampamilyang kita upang maaaring mai-ayos ang bayarin ng iyong halagang partisipasyon.
- Ipagbigay-alam sa Rehiyonal na Sentro kapag nagbabago ang laki ng pamilya sapagkat ito ay maaaring maka-apekto sa bayarin ng iyong halagang partisipasyon.
- Bayaran ang bayarin ng iyong halagang partisipasyon nang deretso sa tagapag-laon ng serbisyong Palugit, Deyker at/o Kamping.

Pagtasa ng Halagang Partisipasyon ng Pamilya:

Ang iyong halagang partisipasyon ng pamilya ay ang bayaring dapat mong bayaran para sa mga serbisyo. Ang halagang partisipasyon ng pamilya ay naku-kuwenta sa pamamagitan ng antasang patalilis mula sampung (10) porsiyento hanggang 100 porsiyento, ayon sa bilang ng mga tao na nakatira sa bahay ng pamilya at sa kinikita ng iyong pamilya. Ang kinikita ng iyong pamilya ay kailangang nasa 400 porsiyento o higit pa sa Pederal na Antas ng Kahirapan na mga Tagubilin.. (Tingnan ang nakalakip na Pagtasang Skedyul ng Halagang Partisipasyon ng Pamilya - Family Cost Participation Assessment Schedule para sa karagdagang impormasyon).

Pag-kuwenta sa Bayarin ng FCP:

Upang kuwentahin ang antas ng partisipasyon ng iyong pamilya, kakailanganin mong malaman ang bilang ng mga tao na nakatira sa bahay ng pamilya at ang iyong kabuuang taunang kinikita. Makukuha mo ang mga halaga ng iyong kinikita mula sa pinakahuli mong Pederal o Estadong sinauling buwis ng kinikita, W-2 na porma, tala ng iyong sahod, o ibang mga papeles. Gamitin ang Pagtasang Skedyul ng Halagang Partisipasyon ng Pamilya at gawin ang sumusunod:

1. Hanapin ang hanay para sa bilang ng mga tao na nakatira sa bahay ng pamilya.
2. Hanapin ang kinikitang pinakamalapit, pero hindi lalabis sa iyong pangkalahatang taunang kinikita.
3. Basahin ang linyang pinamagatang "%FCP" nang pagilid patungo sa kaliwa. Ang bilang na nasa "%FCP" na hanay, ay ang porsiyentong bahagi ng halaga (FCP) na kailangan mong bayaran.
4. Multiplikahin ang bilang ng mga yunit/oras para sa mga Serbisyonang Palugit, Deyker, at Kamping, tulad ng pinakita sa Rehiyonal na Sentrong IPP o IFSP, sa bilang na nasa "% FCP" na hanay. Ito ay magbibigay sa iyo sa bilang ng mga yunit/oras ng serbisyo na iyong dapat bayaran.

(Bawat yunit ng serbisyo ay may halagang dolyar. Ang yunit ng serbisyo na iyong babayaran ay ang iyong halagang partisipasyon [FCP]. Ang Rehiyonal na Sentro ang magbabayad sa tagapag-laan ng serbisyo sa natirang bayarin, kung maaari)
5. Ang iyong pangkalahatang taunang bayarin ng FCP ay hindi maaaring lalabis sa:
 - a) \$6,400 bawat taon, kung ang bata ay edad 0 hanggang 6;
 - b) \$7,000 bawat taon, kung ang bata ay edad 7 hanggang 12; at,
 - c) \$7,900 bawat taon, kung ang bata ay edad 13 hanggang 17.

Proseso ng Kahilingan

Para sa mga magulang ng mga batang isinilang hanggang edad tatlo, ang Maagang Pasimulang pamamagitan at natatakdang proseso (due process) ay gagamitin upang lutasin ang kamalian sa kalkulasyon ng bayarin ng halagang

partisipasyon o upang humiling ng pagbabago batay sa pinansiyal na kahirapan. Para sa higit na impormasyon bumisita sa

http://www.dds.ca.gov/Complaints/Complt_ESHR.cfm

Para sa mga magulang ng mga batang may edad tatlo hanggang 17, may dalawang proseso ng kahilingan: isa para sa kamalian at isa para sa pagbabago sa bayaring hiniling ng pamilya batay sa pinansiyal na kahirapan. Una, kung ang mga magulang ay naniniwala na may kamalian sa halagang nakalkula para sa bahagi ng mga gastos, maaari silang humiling sa loob ng 30 araw, nang pasulat, sa punong patnugot ng rehiyonal na sentro. Kung hindi sila nasiyahan sa pasiya ng punong patnugot, maaari silang humiling sa loob ng 15 araw sa Patnugot ng Kagawaran ng Serbisyong Pagpapa-unlad. Ang pangalawang proseso ng kahilingan ay para sa mga magulang na humiling ng pagbabago ng FCCP mula sa punong patnugot ng rehiyonal na sentro batay sa pinansiyal na kahirapang inilarawan sa Kodigo ng mga Alituntunin ng California seksiyon 50265. Kung gustong hilingin ng mga magulang ang pasiya ng punong patnugot sa kanilang pagbabago, maaari silang humiling sa loob ng 15 araw sa Patnugot ng Kagawaran ng Serbisyong Pagpapa-unlad.

PAGTASANG SKEDYUL NG HALAGANG PARTISIPASYON NG PAMILYA
Effective April 1, 2009

Bilang ng Taong Naninirahan Sa Sambahay										FPL %
%FCP*	2	3	4	5	6	7	8	9	10	
10%	\$58,280	\$73,240	\$88,200	\$103,160	\$118,120	\$133,080	\$148,040	\$163,000	\$177,960	400%
10%	\$61,194	\$76,902	\$92,610	\$108,318	\$124,026	\$139,734	\$155,442	\$171,150	\$186,858	420%
10%	\$64,108	\$80,564	\$97,020	\$113,476	\$129,932	\$146,388	\$162,844	\$179,300	\$195,756	440%
10%	\$67,022	\$84,226	\$101,430	\$118,634	\$135,838	\$153,042	\$170,246	\$187,450	\$204,654	460%
10%	\$69,936	\$87,888	\$105,840	\$123,792	\$141,744	\$159,696	\$177,648	\$195,600	\$213,552	480%
11%	\$72,850	\$91,550	\$110,250	\$128,950	\$147,650	\$166,350	\$185,050	\$203,750	\$222,450	500%
12%	\$75,764	\$95,212	\$114,660	\$134,108	\$153,556	\$173,004	\$192,452	\$211,900	\$231,348	520%
13%	\$78,678	\$98,874	\$119,070	\$139,266	\$159,462	\$179,658	\$199,854	\$220,050	\$240,246	540%
14%	\$81,592	\$102,536	\$123,480	\$144,424	\$165,368	\$186,312	\$207,256	\$228,200	\$249,144	560%
15%	\$84,506	\$106,198	\$127,890	\$149,582	\$171,274	\$192,966	\$214,658	\$236,350	\$258,042	580%
16%	\$87,420	\$109,860	\$132,300	\$154,740	\$177,180	\$199,620	\$222,060	\$244,500	\$266,940	600%
17%	\$90,334	\$113,522	\$136,710	\$159,898	\$183,086	\$206,274	\$229,462	\$252,650	\$275,838	620%
18%	\$93,248	\$117,184	\$141,120	\$165,056	\$188,992	\$212,928	\$236,864	\$260,800	\$284,736	640%
19%	\$96,162	\$120,846	\$145,530	\$170,214	\$194,898	\$219,582	\$244,266	\$268,950	\$293,634	660%
20%	\$99,076	\$124,508	\$149,940	\$175,372	\$200,804	\$226,236	\$251,668	\$277,100	\$302,532	680%
25%	\$101,990	\$128,170	\$154,350	\$180,530	\$206,710	\$232,890	\$259,070	\$285,250	\$311,430	700%
30%	\$104,904	\$131,832	\$158,760	\$185,688	\$212,616	\$239,544	\$266,472	\$293,400	\$320,328	720%
35%	\$107,818	\$135,494	\$163,170	\$190,846	\$218,522	\$246,198	\$273,874	\$301,550	\$329,226	740%
40%	\$110,732	\$139,156	\$167,580	\$196,004	\$224,428	\$252,852	\$281,276	\$309,700	\$338,124	760%
45%	\$113,646	\$142,818	\$171,990	\$201,162	\$230,334	\$259,506	\$288,678	\$317,850	\$347,022	780%
50%	\$116,560	\$146,480	\$176,400	\$206,320	\$236,240	\$266,160	\$296,080	\$326,000	\$355,920	800%
55%	\$119,474	\$150,142	\$180,810	\$211,478	\$242,146	\$272,814	\$303,482	\$334,150	\$364,818	820%
60%	\$122,388	\$153,804	\$185,220	\$216,636	\$248,052	\$279,468	\$310,884	\$342,300	\$373,716	840%
65%	\$125,302	\$157,466	\$189,630	\$221,794	\$253,958	\$286,122	\$318,286	\$350,450	\$382,614	860%
70%	\$128,216	\$161,128	\$194,040	\$226,952	\$259,864	\$292,776	\$325,688	\$358,600	\$391,512	880%
75%	\$131,130	\$164,790	\$198,450	\$232,110	\$265,770	\$299,430	\$333,090	\$366,750	\$400,410	900%
80%	\$134,044	\$168,452	\$202,860	\$237,268	\$271,676	\$306,084	\$340,492	\$374,900	\$409,308	920%
85%	\$136,958	\$172,114	\$207,270	\$242,426	\$277,582	\$312,738	\$347,894	\$383,050	\$418,206	940%
90%	\$139,872	\$175,776	\$211,680	\$247,584	\$283,488	\$319,392	\$355,296	\$391,200	\$427,104	960%
95%	\$142,786	\$179,438	\$216,090	\$252,742	\$289,394	\$326,046	\$362,698	\$399,350	\$436,002	980%
100%	\$145,700	\$183,100	\$220,500	\$257,900	\$295,300	\$332,700	\$370,100	\$407,500	\$444,900	1000%
Section 4685 (c)(6). FPL:2009	\$14,570	\$18,310	\$22,050	\$25,790	\$29,530	\$33,270	\$37,010	\$40,750	\$44,490	